# NETHALIE JANE E. ROJAS

Nagsimulang magsulat si Nethalie Jane E. Rojas ng mga tula noong siya'y hayskul pa lamang. Napukaw ang interes niya sa pagsusulat sa sariling wika–ang Bikol Catanduanes nang sumali siya sa SurTe, isang organisasyon ng mga manunulat sa isla. Siya'y tubong Catanduanes at kasalukuyang nasa unang antas ng kolehiyo sa kursong Batsilyer ng Agham sa Arkitektura sa Unibersidad ng Bicol.

# DIANE MONIC T. ALBERTO

Si Diane Monic T. Alberto ay isang kolehiyala mula sa isla ng Catanduanes. Ipinanganak siya noong Disyembre 18, 2001 sa Virac, Catanduanes. Siya ay kasalukuyang nasa unang taon sa kolehiyo na tinatahak ang kursong Bachelor of Secondary Education Major in English sa Catanduanes State University.

# ARIMPUNGATAN

Habo ko naman kuta magimata pa
ngunyan na aldaw
hanggang sa masunod na bulan,

hanggang sa masunod na anom na taon

ta bako pa man Semana Santa
para mamati an kalbaryo urualdaw,
sa pagsamba sa minahade-hadean
na dae batid mag-ako ning kasal-an.

Kundi auya ako,
nagimata pa ngunyan,

magigimata pa sa masunod na bulan,

sa masunod na taon

para suraton,
buda gilumdumon

an agi nin kalbaryo.

Gatubod pa akong magiging marhay ang gabos.
Mapangadyi pa kita.

# ALIMPUNGATAN

*salin sa Filipino*

Hindi ko na sana nais pa magising ngayong araw

hanggang sa susunod na buwan,

at sa susunod pang anim na taon

pagkat hindi pa Semana Santa
upang mabuhay sa kalbaryo araw-araw,
sa pagsasamba sa mga naghahari-harian
na hindi marunong umako ng kasalanan.

Ngunit naririto ako,
namulat pa rin,

at mananatiling mulat sa mga susunod na buwan,

sa susunod na taon

para isulat
at alalahanin

ang daan ng kalbaryo.
Naniniwala pa akong magiging maayos ang lahat.
Manalig lang tayo.